DSWD
Department of Social Welfare and Development

**MEMORANDUM CIRCULAR No. 18**
**Series of 2021**

SUBJECT: **PAG-AMYENDA SA MEMORANDUM CIRCULAR NO. 05 SERIES OF 2018**

## I. PAHAYAG

Noong ika-15 ng Marso taong 2018, ang Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan/ Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay nag-isyu ng Memorandum Circular No. 05, series of 2018 na mas kilala bilang "Patakaran sa Proyektong Pabahay sa NVRC Compound para sa mga Taong may Kapansanan".

Samantala, ika-22 ng Pebrero taong 2019 ng ipagkaloob ng Gawad Kalinga Community Development Foundation, Inc. (GKFDI) sa DSWD ang Pitumpu't Walong (78) yunit ng pabahay upang mapangasiwaan nito ang pamamahagi sa mga karapat-dapat na benepisyaryo.

Yamang, ang Memorandum Circular No. 05, series of 2018 ay malinaw na nasasaad na ang DSWD ang mamamahala sa Beneficiary Selection Committee, magpapatupad ng mga patakaran sa pagpili ng benepisyaryo gayundin ang paglalatag ng mga nararapat na pamantayan at mga kondisyon sa pagkakaloob.

Bunsod ng nalalapit na pagsasagawa ng pagpili ng benepisyaryo, nagsumite ng bagong mga isyu ang NVRC sa DSWD-Central Office patungkol sa pagpapatupad ng mga polisiya at patakaran dahilan upang amyendahan sa mga susunod na talata ang ilang probisyon ng Memorandum Circular No. 05, series of 2018.

## II. LAYUNIN

Ang Alituntunin ito ay naglalayong:

A. Amyendahan ang ilang probisyon ng Memorandum Circular No. 05, series of 2018 upang higit na gawing angkop at karapat-dapat ang mga patakarang paiiralin sa pagpili ng mga benepisyaryo ng Proyektong Pabahay sa NVRC;

B. Gawing pormal ang pagtatalaga ng mga opisinang bahagi ng Beneficiary Selection Committee; at

C. Gawing pormal ang pagtatalaga ng mga opisinang bahagi ng Arbitration Committee.

## III. LEGAL NA BASEHAN

1.) Republic Act 9442, An Act Amending Republic Act 7277 (Magna Carta for Disabled Persons) Republic Act 7277 of 1992, entitled "An act providing for the Rehabilitation, Self-Development and Self-Reliance of Persons with Disability and their Integration into the Mainstream of Society and for other purposes.

2.) The United Nations Convention on the Rights of the Persons with Disability.

On 13 December 2006, the Convention on the Rights of Persons with Disability and its Optional Protocol was adopted at the United Nations Headquarters in New York and thereafter it was opened for signature on 30 March 2007. At that time, there were 82 countries who signed the Convention to show their commitment and support for the persons with disability. It was the highest number of signatories reported in the history in the United Nation Convention from its opening day and highlighted as the first comprehensive human rights treaty done for the 21st century. The Convention on the Rights of the Persons with Disability and Optional Protocol took effect on 3 May 2008. This was ratified thereafter in 2007 with an objective to respect dignity, protect and ensure the full and equal enjoyment of human rights and fundamental freedom of persons with disabilities.

3.) Administrative Order 59. Series of 2003

Guidelines for the implementation of the Auxiliary Social Services for Persons with Disabilities. With the implementation of the Local Government Code of 1991, the

responsibility for the provision of the auxiliary services now rest on the Local Chief executives who shall assign the implementation of these services to the Local Social Worker in the municipality/city. It is therefore necessary that appropriate are issued for the purpose to ensure standard implementation of these auxiliary services.

## IV. MGA PAGBABAGO

| ORIHINAL | Pagbabago o Karagdagan |
| --- | --- |
| **III. BENEFICIARY SELECTION COMMITTEE CHAIRPERSON AND SECRETARIAT**<br><br>**Chairperson** DSWD Central Office<br><br>**Vice Chairperson** Local Government Unit of Quezon City (Housing Community Development and Resettlement Department (HCDRD)<br>**Members** Organisasyon ng may Kapansanan sa NVRC<br>Gawad Kalinga, Quezon City<br>Social Service Development Department (SSDD)<br>DSWD National Capital Region<br>Barangay Captain of Escopa, Quezon City<br>Office of Congressman Banal<br>Persons with Disability Affairs Office (PDAO)<br>**Secretariat** Department of Social Welfare and Development Central Office | **III. BENEFICIARY SELECTION COMMITTEE CHAIRPERSON AND SECRETARIAT**<br><br>**Chairperson** DSWD Secretary<br><br>**Alternate Chairperson** DSWD FO NCR RD<br>**Vice Chairperson** Local Government Unit of Quezon City (Housing Community Development and Resettlement Department (HCDRD)<br><br>**Members** DSWD NCR focal person<br>BSC Recognized Homeowners Association;<br>Gawad Kalinga, Quezon City<br>Social Service Development Department (SSDD)<br>Barangay Captain of Escopa III, Quezon City<br>Office of Congressman 3rd district of Quezon City<br>Persons with Disability Affairs Office (PDAO)<br><br>**Secretariat** DSWD National Capital Region (NVRC) |
| **IV. TUNGKULIN NG DSWD CENTRAL OFFICE** | Sa pagtupad ng mga tuntuning nakasaad sa Memorandum Circular No. 05, series of 2018, na mababago sa pamamagitan ng Alituntuning ito, ang DSWD Central Office, sa pamamagitan ng Operations Group - Program Management Bureau (OG- PMB), ay magiging katuwang ng DSWD FO-NCR sa pamamagitan ng pagbibigay ng technical assistance, kung kinakailangan, at pagsasagawa ng monitoring sa mga gawain ng BSC.<br><br>Samantala, ang General Administration and Support Service Group (GASSG) - Administrative Service-Property Management Division (AS-PAMD) ang |

| | |
|---|---|
| | mangangasiwa sa pagbibigay Technical Assistance sa DSWD NCR anumang bagay na may kaugnayan sa imprastraktura ng GKHP.<br><br>Ang buong pangangasiwa at monitoring ng anumang tungkol sa imprastraktura ng GKHP ay itinatala sa DSWD NCR Administrative Service. |
| **TUNGKULIN NG BENEFICIARY SELECTION COMMITTEE** | Ang mga tungkulin ng Gagampanan ng Beneficiary Selection Committee (BSC) ay ang mga sumusunod:<br><br>**a. Patupad ang mga patakaran ng DSWD, tulad ng Circular na ito;**<br>b. Bumuo ng mga patakaran **at para sa pagpili ng mga benepisyaryo na ayon sa alituntunin ng DSWD**;<br>**c. Bumuo at mag-rekomenda ng mga patakaran na may kinalaman sa layunin ng Circular na ito, at ng anumang alituntunin ng DSWD tungkol sa GKHP, at ang ikakabuti ng mga benepisyaryo;**<br>**d. Pumili ng benepisyaryo na kwalipikado ayon sa kwalipikasyon ng DSWD, at siguraduhin na siya ay hindi diskwalipikado;**<br>**e. Ang panghuling tagapagpasiya ukol sa mga isyu na itataas ng Arbitration Committee, tulad ng karapatan ng benepisyaryo, at paggamit ng GKHP at ng NRVC, at anumang bagay na itaas ng Arbitration Committee o ng Benepisyaryo; sa kondisyon na ang Kalihim ng DSWD ay may karapatan baguhin ang desisyon ng BSC tungo sa pagprotekta at pagtaguyod ng buong kapakanan ng mga benepisyaryo;**<br>**f.** Mag-rekomenda sa Kalihim ng DSWD ng mga kwalipikadong benepisyaryo<br><br>g. **Suriin isang beses sa isang taon ang kwalipikasyon ng mga benepisyaryong kasalukuyang nakatira sa GKHP;**<br>**h. Magtanggal, sa angkop na paraan, ng mga benepisyaryo na** |

| | |
|---|---|
| | lumabag sa probisyon ng Deed of Usufruct o sa mga alintuntunin ng DSWD, BSC, o NVRC;<br>i. Suriin ang mga nakalip na mga ligal na dokumento sa alituntunin na ito, at siguraduhin angkop sa mga umiiral na alituntunin ng DSWD;<br><br>Karagdagan sa mga nasabing tungkulin ng BSC, ito ay sisiguraduhin na ang lahat ng kwalipikadong indibidwal o pamilya na napagkalooban ng unit bago ang pagpalabas ng Circular na ito ay pipirma ng Deed of Usufruct (tingnan ang Annex "A"). |
| **ARBITRATION COMMITTEE** | Ang Arbitration Committee ay pinamumunuan ng BSC Secretariat at itinalaga upang mamagitan tungkol sa mga sumusunod na isyus:<br><br>a. Pagtatalo sa pagitan ng mga naninirahan sa GKHP;<br>b. Reklamo tungkol sa pamamahala ng Homeowner's Association ng GKHP;<br>c. Reklamo tungkol sa mga empleyado or opisyales ng DSWD, NRVC, o GKHP na may kinalaman sa pamumuno ng GKHP;<br><br>Ang Arbitration Committee ay siyang magsisilbing taga-tanggap ng mga reklamong may alegasyon na diskwalipikasyon ng mga benepisyaryo, upang resolbahin ng BSC.<br><br>Anumang resolusyon na ipataw ng Arbitration Committee ay maaaring i-apela sa BSC para sa huling desisyon. Subalit ang resolusyon ng BSC o ng Arbitration ay hindi nagsisilbing kapalit sa Katarungang Pambarangay upang makapag-sampa ng kaso sa hukuman, maliban sa mga isyus na tungkol sa diskwalipikasyon ng isang benepisyaryo.<br><br>Ang arbitration ay isang proseso kung saan ang Arbitration Committee ay mamamagitan sa mga partido at sa kanilang mga isyu, na may tungkuling magkaroon ng isang kasunduan na |

| | |
|---|---|
| | **pabor at patas sa mga partido. Ito ay hindi isang pormal na imbestigasyon o proseso tulad ng isinasagawa ng BSC.** |
| **IX. PAGTANGGAL SA KWALIPIKASYON O DISKAWALIPIKASYON** | **IX. DISKWALIPIKAYSON O TERMINASYON NG BENEPISYARYO**<br><br>Nakasaad sa VIII. Proseso ng pagpili ng kwalipikadong benepisyaryo ng proyekto na "Ang napiling benepisyaryo sa program ay maaaring manatili dalawampu't limang (25) taon".<br><br>Ang BSC ay magbibigay ng paunawa sa benepisyaro dalawang taon bago matapos ang Deed of Usufruct. Ang Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Quezon at ang DSWD NCR ay sisiguraduhin ang mga sumusunod:<br><br>a. Pagsusuri sa kasalukuyang estado ng buhay ng pamilya, kabilang na ang:<br>1. Trabaho ng mga miyembro ng pamilya;<br>2. Income ng buong pamilya sa isang buwan.<br><br>b. Pagsusuri kung mayroon ng kakayahan ang pamilya ng benepisyaryo na umupa o mayroon na silang malilipatan na bahay.<br><br>c. Sisiguraduhin ng Lokal na pamahalaan ng lungsod ng Quezon at DSWD NCR na bago matapos ang Deed of Usufruct ng benepisyaryo ay may maayos na malilipatan at may kakayanan silang mag-adjust sa bagong komunidad.<br><br>d. **Isang taon bago ang matapos ang Deed of Usufruct,** susuriin ng Lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Quezon at DSWD NCR **kung bibigyan ng** naaangkop na interbensyon o livelihood assistance.<br><br>Sa pagkakataon na ang orihinal na benepisyaryo ay pumanaw, ang natitirang idineklarang miyembro ng pamilya ay |

| | |
|---|---|
| | maaaring tapusin ang 25 taon na pamamalagi na ayon sa Deed of Usufruct na pinirmahan ng orihinal na benepisyaryo, at sa alituntunin ng DSWD, BSC, o NVRC.<br><br>**Ang naitalang Tatanggap/Transferee ay tatayong bagong benepisyaryo, at sisiguraduhin paninidigan ang mga responsibilidad na inaasahan mula sa orihinal na benepisyaryo.** |

**V. PAGKABISA**

Itong pag-amyenda ng Patakaran at Patnubay ay magkakabisa sa ika _____ ng __________ 2021.

**ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA**
Kalihim

Petsa: OCT 29 2021

Ang mga nakalakip:

ANNEX "A" - Deed of Usufruct
ANNEX "B" - Abiso para sa Terminsayon ng Paninirahan sa Gawad Kalinga Housing Project

Certi True Copy
04 NOV 2021
MYRNA H. REYES
OIC-Division Chie
Records and Archives M

# DEED OF USUFRUCT

ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA

JOSE ERNESTO B. GAVIOLA

USUFRACTUARY

TATANGGAP/TRANSFEREE

Ang Kasunduang ito ay sa pagitan ng:

**DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT**, isang ahensya ng Gobyerno na ginawa naaayon sa batas ng Republika ng Pilipinas, na may pangunahing address sa Batasan Pambansa Complex, Constitution Hills, Quezon City, na kinakatawan ng kanilang **SECRETARY, ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA**, na tutukuyin dito bilang **"ADMINISTRATOR".**

and

**(NAME OF QUALIFIED INDIVIDUAL),** sapat na gulang, Pilipino, na tutukuyin dito bilang **"BENEPISYARYO"**

**WITNESSETH**

**YAMANG,** sa bisa ng Presidential Proclamation No. 6, series of 2001, na binago ng Presidential Proclamation No. 504, series of 2003, ang DSWD ay itinalaga bilang tagapamahala ng isang parsela ng lupa na matatagpuan sa Escopa III, Project 4, Quezon City, may pagkakakilanlan bilang Lot No. 17-F, Sub-Block No. 13-F Psd-473, may kabuuang sukat na 31,777 metro kwardrado, humigit-kumulang na tinatayuan ng National .Vocational Rehabilitation Center (na dito ay makikilala bilang "NVRC");

**YAMANG**, noong Abril 07, 2017, isang Memorandum of Understanding (MOU) ang isinagawa sa pagitan ng DSWD, Quezon City Government (QCG), at Gawad Kalinga Foundation Inc. (GKDFI) para sa pagpapatayo ng dalawang palapag na proyektong pabahay (na dito ay makikilala bilang "GKHP"), na bubuuin ng humigit-kumulang 130 yunit, at sasakop sa 5,083 metwo-kwardadong bahagi ng NVRC compound para sa pakinabang o benepisyo ng mga kwalipikadong pamilya ng mga taong may kapansanan ;

**YAMANG**, ang **BENEPISYARYO ay** gumagarantiya na siya ay lehitimo at tunay na may kapansanan sang-ayon sa depinisyon ng batas tulad ng ngunit hindi limitado sa, Republic Act Nos. 7277, or the "Magna Carta for the Disabled Persons", 10747, o ang "Rare Disease Act of the Philippines", at 11215, o ang "National Integrated Cancer Control Act";

**KUNG MAGKAGAYON**, alang-alang sa mga pahayag na binanggit sa itaas, ang MAGKABILANG PANIG ay nagkasundo na ayon sa mga sumusunod:

## I. TANING NA PANAHON

Ang **BENEPISYARYO** ay pahihintulutan ng **ADMINISTRATOR**, sa tulong ng Beneficiary Selection Committee (BSC), na gamiting ang (deskripsyon ng unit) ("**UNIT**") sa loob ng dalawampu't-limang (25) taon; Sa kondisyon na ang 25 taon ay sisimulang bilangin mula sa (unang araw ng paggamit ng UNIT) o hanggang (panahon ng paggamit);

## II. MGA ALINTUNTUNIN

Ang **BENEPISYARYO** ay sumasang-ayon sa mga sumusunod na mga probisyon:

a. Pinapatunayan ng **BENEPISYARYO** na taglay niya ang mga kwalipikasyon, at wala ang mga diskwalpikasyon, bilang isang benepisyaryo ng DSWD sa panahon ng pagpirma ng DEED OF USUFRUCT; Sa kondisyon na, sa loob ng pag-iral ng DEED OF USUFRUCT na ito ang BENEPISYARYO ay obligadong ipa-alam sa DSWD, BSC, o NRVC, kung siya ay malilipitan, sariling tirahan, o boluntaryong aalis sa **UNIT** sa lalong madaling panahon;

b. Ang paninirahan ng **BENEPISYARYO** at ang pamilya nito ay pamamahalan ng DEED OF USUFRUCT na ito at ang mga patnubay ng DSWD, tulad ng Memorandum Circular No. 05, series of 2018;

c. Susundin ng **BENEPISYARYO** ang mga alituntunin, patnubay, at regulasyon ng **ADMINISTRATOR**, BSC, at National Vocational Rehabilitation Center (NVRC) patungkol sa paggamit ng **UNIT** at ng buong Gawad Kalinga Housing Project (GKHP);

d. Lahat ng alituntunin ng **ADMINISTRATOR**, BSC, at NVRC, na may kinalaman sa pamamahala ng GKHP, ay itinuturing na nakapaloob sa DEED OF USUFRUCT na ito, kabilang ang mga alituntunin na nailathala sa hinaharap;

e. Ang **BENEPISYARYO** ay pinapapayagang tumira sa **UNIT** kasama ang pamilyang kanyang idineklara sa ANNEX "A" nito;

f. Pananatilihin at pangangalagaan ng **BENEPISYARYO** ang UNIT na parang kanyang sariling tahanan;

g. Responsibilidad ng **BENEPISYARYO** ang pagpapakabit ng mga kuryente, tubig, at telepono, sa kondisyon na ang **ADMINISTRATOR** ay malaya sa anumang pananagutan mula sa pagpapakabit at paggamit ng mga ito;

h. Pananatilihin ng BENEPISYARYO ang kapayapaan at seguridad sa loob ng GKHP; at siguraduhin ang UNIT ay hindi gagamitin sa anumang krimen o paglabag sa mga batas;

i. Pinapayagan ng **BENEPISYARYO** ang **ADMINISTRATOR**, BSC, o/at NVRC, o alinman sa mga ahente, kinatawan, mga subsidiary at kaakibat nito, na siyasatin ang UNIT para sa pagpapanatili nito;

j. Ang **ADMINISTRATOR** ay malaya sa pananagutan tungkol sa mga aksidente, disgrasya, o danyos na maaaring matamasa ng **BENEPISYARYO** sa pananatili nito sa UNIT at GKHP;

k. Ang idineklarang kapamilya ng **BENEPISYARYO** ay susunod sa mga probisyon ng DEED OF USUFRUCT;

l. Anumang katanungan, kahilingan, o pagtatalo tungkol sa DEED OF USUFRUCT, o sa pamumuno o paggamit ng GKHP o ng **UNIT**, ang **BENEPISYARYO** ay maaring dumulog sa BSC o NRVC upang maresolba sa pamamagitan ng Arbitration Committee, na nakasaad sa patnubay ng **DSWD**;

## III. PAGMAMAY-ARI

Nauunawaan ng **BENEPISYARYO** na ang UNIT at ang GKHP **ay pagmamay-ari ng Republika ng Pilipinas, at ang ADMINISTRATOR ang may kabuuang awtoridad at kapangyarihan ng isang "administrador" naaayon sa batas.**

Ang **BENEPISYARYO** ay ipinagbabawal na ibenta, paupahan, ipamahagi, isanla, sirain, o encumber ang **UNIT**, siya din ay ipinagbabawal na gawin subject ng anumang proseso ng korte o ng ahensya ng gobyerno ang UNIT tungkol sa pagmamay-ari nito.

Anumang pagpapabuti o kinabit ng **BENEPISYARYO** sa UNIT ay magiging pagmamay-ari ng **ADMINISTRATOR** kapag ang pagtanggal nito ay magsasanhi ng pinsala sa UNIT o GKHP.

## IV. PAGLIPAT NG KARAPATAN

Sa pagpanaw ng **BENEPISYARYO**, ang kanyang karapatan sa bisa ng DEED OF USUFRUCT na ito ay malilipat kay (pangalang ng kagyat na kapamilya) ("TATANGGAP" o "TRANSFEREE"), at ang BENEPISYARYO at TATANGGAP/TRANSFEREE ay sumasang-ayon sa mga sumusunod:

1. Ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay obligadong ipagbigay-alam sa tanggapan ng DSWD, BSC, o NRVC ang pagpanaw ng **BENEPISYARYO sa loob ng bente-kwatro (24) oras mula sa araw niyon**.

2. Ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay kikilalanin lamang "**BENEPISYARYO"** sa panahon na nalaman ng BSC ang pagpanaw ng orihinal na **BENEPISYARYO** at pagkilala ng BSC sa TATANGGAP/TRANSFEREE sa pamamagitan ng Sertipikasyon ng Paglipat ng Karapatan;

3. Ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay dadaan sa pagsusuri ng BSC, upang masigurado na ang TATANGGAP/TRANSFEREE at ang natitirang kapamilya ng orihinal na **BENEPISYARYO** ay kwalipikado ayon sa patnubay ng DSWD, tulad ng Memorandum Circular No. 5, series of 2018; subalit, hindi kinakailangan na ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay may kapansanan;

4. Pagkatapos malaman ang kwalipikasyon ng TATANGGAP/TRANSFEREE at mabigay ang Sertipikasyon ng Paglipat ng Karapatan, ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay tatayong **BENEPISYARYO**, at siguraduhin na ginagampanan niya ang mga obligasyon ng isang **BENEPISYARYO** na nakasaad dito, na parang siya ang orihinal na **BENEPISYARYO**;

5. Sa pagkakataong malaman ng BSC na ang TATANGGAP/TRANSFEREE ay diskuwalipikado, maaaring payagan ng BSC na manatili ang natitirang pamilya ng orihinal **BENEPISYARYO** sa **UNIT**;

6. Ang mga na-deklarang kapamilya sa Kasunduang ito ay patuloy na maninirahan hanggang matapos ang nakasaad na panahon dito; Sa kondisyon na **hindi pahihintulutan** ang TATANGGAP/TRANSFEREE na magpa-alis ng kapamilya na dineklara ng **BENEPISYARYO** at magpasok ng ibang kapamilya maliban lang sa kanyang kagyat na kapamilya;

## V. TERMINASYON NG KARAPATAN

Ang **BENEPISYARYO** ay maaring tanggalan ng karapatan sa mga sumusunod na pagkakataon na hindi kinakailangan dumaan sa hukuman:

a. Boluntaryong pagtanggal ng karapatan ng **BENEPISYARYO**;

b. Palipas ng DEED OF USUFRUCT;

c. Paglabag ng **BENEPISYARYO** sa mga alituntunin ng DEED OF USUFRUCT;

d. Pagmamay-ari ng tahanan ng **BENEPISYARYO**, o pagkakaroon ng ibang matitirhan;

e. Pagliban ng **BENEPISYARYO** sa UNIT sa loob ng isang buwan o higit pa, maliban sa dahilan medikal;

f. Paglabag ng **BENEPISYARYO,** o ang mga kapamilya nito, sa mga patnubay na itinalaga ng DSWD na tulad ng ngunit hindi limitado sa Memorandum Circular No. 5, series of 2018;

g. Paggawa ng krimen na may kasamang parusa na pagtanggal ng karapatang pang-sibil, sa kondisyon na ang **BENEPISYARYO** ay nahatulang may sala ng hukuman;

Kung ang pagtanggal ng karapatan ng **BENEPISYARYO** ay base sa batayan (c), (d), (e), (f) o (h), ang sumusunod na proseso ang susundin:

a. **Unang Babala at Pangalawang Babala**: Makakatanggap ng sulat mula sa DSWD NCR (chairperson ng Beneficiary Selection Committee) patungkol sa kanilang nagawang paglabag sa anumang nakasaad sa patnubay.

b. **Pangatlong Babala:** Madaliang Pagkansela ng Kasunduan; Sa kondisyon na, bibigyan ng isang (1) buwang palugit ang **BENEPISYARYO** at ang kanyang pamilya para makahanap ng malilipatang tirahan. Ang Beneficiary Selection Committee ay tutulong sa interbensyon at proseso para maalalayan ang pamilya sa "termination period".

## VI. PAGBIBIGAY BISA AT TERMINASYON

Ang DEED OF USUFRUCT na ito ay mabibigyan ng bisa sa paglagda ng mga **PARTIDO**, at mananatiling epektibo sa panahon na nakasaad sa Item I. Ang DEED OF USUFRUCT ay magwawakas ng kusa at hindi kinakailangan ng abiso mula sa **ADMINISTRATOR**, DSWD, BSC o NVRC.

Sa pagkakataon na magbago ang administrador ng GKHP o ng NVRC, ang DEED OF USUFRUCT na ito ay mananatiling epektibo, hanggat magkaroon ng panibagong kasunduan sa bagong administrador.

## VII. PAG-AMYENDA

Ang DEED OF USUFRUCT ay maari lamang baguhin ng **ADMINISTRATOR** o DSWD.

## VIII. PAG-AREGLO

Anumang katanungan, kahilingan, o pagtatalo tungkol sa DEED OF USUFRUCT, o sa pagbibigay kahulugan nito, sisiguraduhin ng mga **PARITDO** na ito ay aayusin ng matiwasay sa pagitan ng dalawa.

Sa pagkakataong hindi magkasundo ang mga **PARTIDO**, sumasang-ayon sila na isumite ito sa voluntary arbitration, na naayon sa batas.

Sa pagkakataon ng paglilitis sa hukuman, sumasang-ayon ang mga **PARTIDO** na ibibigay ang hurisdiksyon at kapangyarihan sa hukuman ng Lungsod ng Quezon lamang, pagliban sa mga ibang hukuman.

At sa Katunayan ng Lahat ng ito, ang magkabilang panig ay nagkasundo at lumagda ngayong ika_______ ng ____________, 20___, dito sa ______________________ sa tulong ng Poong Maykapal.

Department of Social Welfare and Development

By:

**ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA**
Secretary, DSWD

Tinanggap ni:

(Name)
Benepisyaryo

(Name)
Tagatanggap/ Tranferree

Sinaksihan ni:

______________________________ ______________________________

## ACKNOWLEDGEMENT

Republic of the Philippines

_______________________

**BEFORE ME**, a Notary Public for and in _______________ this _______ day of ___________, 2019, personally appeared:

| **NAME** | **ID. No.** | **Date and Place of Issue** |
|---|---|---|
| **ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA** | _______________ | _________________________ |
| **(NAME OF INDIVIDUAL)** | _______________ | _________________________ |
| **(NAME OF TRANSFEREE)** | _______________ | _________________________ |

known to me and known to be the same persons who executed the foregoing DEED OF USUFRUCT and acknowledge to me that the same are their free and voluntary acts and deeds. Further, they represent and declare that they are authorized to sign in representative capacities by the agencies/entities where they belong.

The foregoing instrument consists of six (6) pages, including this page of Acknowledgement, signed by the parties and their instrumental witnesses on all pages thereof, in my presence, and sealed with my Notarial Seal.

Doc. No. ___________
Page No. ___________
Book No. ___________
Series of 20__

GAWAD KALINGA

DSWD
Department of Social Welfare and Development

NVRC

"ANNEX B" AMENDMENT TO MC.5 SERIES OF 2018

# UNANG/PANGALAWANG ABISO
## PARA SA TERMINASYON NG PANINIRAHAN SA GAWAD KALINGA HOUSING PROJECT

Ito ay **ABISO** sa BENEPISYARYO na si ____________________, na naninirahan sa (unit details) sa loob ng Gawad Kalinga Housing Project. Ang nasabing BENEPISYARYO ay napag-alaman na lumabag sa

**[DEED OF USUFRUCT, (isaad ang dahilan ng pag-tanggal ng karapatan na nakasaad sa DEED, maliban sa probisyon patungkol sa paglabag ng ALINTUNTUNIN ng DSWD, BSC, o NVRC at pagkakaroon ng diskwalpikasyon)]**

**[ALITUNTUNIN ng (isaad kung kaninong ahensya: "Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o DSWD", "Beneficiary Selection Committee", o "National Vocational Rehabilitation Center") partikular na ang (isaad ang partikular na probisyon)]**

At sa pagkakataong ito, ang **ABISONG** ito ay nagsisilbing **UNANG/PANGALAWANG BABALA** sa **BENEPISYARYO**, at sa pamilya nito, at ang patuloy na paglabag sa probisyon ng [DEED OF USUFRUCT] [ALITUNTUNIN ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o DSWD, Beneficiary Selection Committee, o National Vocational Rehabilitation Center] **ay maaaring magtungo sa pagtanggal ng BENEPISYARYO sa UNIT.**

Ito ay base sa masuring assessment na ginawa ng BSC at desisyon ng buong BSC na naka-base sa awtoridad ng binigay ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o DSWD.

(NAME)
Chairperson,
Beneficiary Selection Committee
Petsa:____________________

Natanggap ni:

(Pangalan ng Benepisyaryo)
Petsa:____________________

# HULING ABISO

## PARA SA TERMINASYON NG PANINIRAHAN SA GAWAD KALINGA HOUSING PROJECT

Ito ay **ABISO** sa BENEPISYARYO na si ___________________, na naninirahan sa (unit details) sa loob ng Gawad Kalinga Housing Project. Ang nasabing BENEPISYARYO ay napag-alaman na lumabag sa

**[DEED OF USUFRUCT, (isaad ang dahilan ng pag-tanggal ng karapatan na nakasaad sa DEED, maliban sa probisyon patungkol sa paglabag ng ALINTUNTUNIN ng DSWD, BSC, o NVRC at pagkakaroon ng diskwalpikasyon)]**

**[ALINTUNTUNIN ng (isaad kung kaninong ahensya: "Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o DSWD", "Beneficiary Selection Committee", o "National Vocational Rehabilitation Center") partikular na ang (isaad ang partikular na probisyon)]**

Ang **ABISONG** ito ay nagsisilbing **HULING BABALA** at ang **BENEPISYARYO**, at ang pamilya nito, ay binibigyan ng **(ilang) araw, o hanggang (petsa)** upang ibakante ang nasabing unit.

Ito ay base sa masuring assessment na ginawa ng BSC at desisyon ng buong BSC na naka-base sa awtoridad ng binigay ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o DSWD.

(NAME)
Chairperson,
Beneficiary Selection Committee
Petsa:___________________

Natanggap ni:

(Pangalan ng Benepisyaryo)
Petsa:___________________